

Pagsusuri sa leksikon ng wikang Koreano sa kontekstong Filipino batay sa maka-Filipinong indihenisasyon ng salita

Layoc, Jhon Benedict L. ✉

Polytechnic University of the Philippines, Philippines (jhonlayoc@gmail.com)

Received: 29 May 2023

Available Online: 28 July 2023

Revised: 13 July 2023

DOI: 10.5861/ijrse.2023.42

Accepted: 28 July 2023

ISSN: 2243-7703

Online ISSN: 2243-7711

OPEN ACCESS



Abstract

The research focuses on the analysis of the lexicon of the Korean language based on the Filipino indigenization of words. Using the theories Ang Pantayong Pananaw Bilang Diskursong Pangkabisan by Salazar (1991), Kaalamang Bayang Dalumat ng Pagkataong Pilipino by Covar (1993) and Mga Batayang Sikolohiyang Pilipino sa Kultura at Kasaysayan by Enriquez (1975) (these were republished in Daluyan: Journal of the Filipino Language of the Universidad ng Pilipinas e-journals in 2015) analyzed Korean words on how they are indigenized in the Filipino context and the role of Filipino culture in giving new meaning to Korean words in the Filipino context. With the constant borrowing and adaptation of different cultures, the knowledge that a culture has is more flourishing. As adaptation occurs, foreign words become the local language of a group. There is an indigenization of words that make up a new and unique Filipino language and psychology.

Keywords: lexicon, Korean language, Filipino culture, indigenization of words, Dalumat

Pagsusuri sa leksikon ng wikang Koreano sa kontekstong Filipino batay sa maka-Filipinong indihenisasyon ng salita

1. Panimula

Suliranin at Kaligiran - Sa pamamayagpag ng K-drama, umusad din ang pagsikat ng K-Pop o Korean Pop. Naging daan ito upang mas lalong tangkilik at yakapin ng mga Pilipino ang musika ng K-Pop bagamat hindi naiintindihan ang wika ng nilalaman ng musika. Niyakap ng mga tagatangkilik ang ganitong uri ng mga serye. Hindi namamalayang pati ang ilang kultura ng Korea ay pilit na iniaangkop sa sariling kulturang Pilipino. Nakapaloob dito ang wikang Koreano sa kultura ng Korea. Nagiging adapasyon ng salitang Koreano sa konteksto ng kulturang Pilipino. Ginagamit ang ilang mga salitang Koreano sa ordinaryong usapan at binibigyan ng ibang pagpapakahulugan na naaayon sa kulturang Pilipino.

Ang mga taong nahihilig sa mga kultura, sining at wika ng bansang Korea ay maituturing ng isang lupon ng mga taong kabilang sa iisang kultura. Pilit na inaangkop sa konteksto ng kulturang Pilipino ang mga salitang pang-Koreano. Lumaganap at kumalat hanggang sa naging arbitrayo na ng nakararami ang ilang salitang Koreano na may halong pagpapakahulugan sa kultura at kontekstong Pilipino. Tinatawag na indihenisasyon ang ganitong uri ng pagsasalokal. Ginagawang natural sa panlasang Pilipino ang mga kultura at wika mula sa banyaga. Nagiging ganap sa mga Pilipino ang mga salita at kulturang inihahalo sa sariling salita at kultura. Ang wikang Koreano na inihahalo sa komunikasyong pamPilipino ay sumasailalim sa modipikasyon upang maging akma sa paggamit ng gramatika. Ang penomenang ito ay naging daan sa pagkakaroon ng indigenisasyon ng mga salitang Koreano.

Mula rito, ang pananaliksik na ito ay may layuning dalumat ang mga salitang Koreano na tanyag sa kulturang Pilipino, makapagbigay ng koneksyon ng kultura ng bansang Korea at Pilipinas, sipatin ang mga salitang Koreano ginagamit ng mga tagatangkilik sa konteksto ng kulturang Pilipino at makabuo ng leksikon ng mga salitang Koreano na ang pagpapakahulugan ay pamPilipino. Ang leksikong mabubuo ay magiging dagdag kaalaman sa larangang pangwikang Filipino.

2. Rebyu ng Literatura

Ginamit ng mananaliksik Ang Pantayong Pananaw Bilang Diskursong Pangkabihasnan ni Salazar (1991), Kaalamang Bayang Dalumat ng Pagkataong Pilipino ni Covar (1993) at Mga Batayang Sikolohiyang Pilipino sa Kultura at Kasaysayan ni Eriquez (1975) (ang mga ito ay muling nailathala sa Daluyan: Journal ng Wikang Filipino ng Unibersidad ng Pilipinas e-journals noong 2015) bilang mga batayan sa pag-aaral sa pabuo ng leksikon ng mga salitang Koreano tungo sa maka-Filipinong indihenisasyon. Isang uri ng maka-Pilipinong konsepto ang pag-aaral na inilathad ni Salazar sa pagbibigay ng identidad ng kulturang Pilipino bago, habang at matapos sakupin ng mga dayuhan ang bansang Pilipinas. Ang pantayong pananaw ay tumutukoy sa pagkakaunawaan ng isang lipunan na nakapaloob lamang mga Pilipino, “sa sarili” at “sa kapuwa Pilipino” (Salazar, 1991) nang hindi gumagamit at hindi kabilang ang hindi Pilipino o banyagan konsepto.

Maiugnay ang mga nahihilig sa wika at kulturang Koreano sa “pangkami” na pananaw. Masasabing kalinangang Korea ang ginagamit ng mga nahihilig sa Kpop. Ang komunikasyong namamayani sa kanila ay paghahalo at paggamit ng taga-labas na wika patungo sa loob na wika. Pangkaming pananaw na nangangahulugang “sila” ay mayroong sariling kalinangan na nabubuo sa paggamit at paghahalo ng wika at kulturang Koreano sa pakikipagkomunikasyon na mayroong pagpapakahulugan sa kontekstong Pilipino.

Sinipat ni Covar (1993) ang kaalamang bayang dalumat ng pagkataong Pilipino sa pagbibigay ng mga metapora na sumasalamin sa pagkataong Pilipino. Ibinahagi rito ang pag-uuganay ng mga tambalan sa bawat

loob at labas pati na ang lalim ng metapora ng banga sa pagkataong Pilipino at katauhang Pilipino. Inisa-isa mula sa teoryang “Tamabalan ng Loob at Labas” ang mga bahagi ng katawan ng tao na may kapares sa loob at labas tulad ng “Mukha at Isipan”, “Dibdib at Puso”, “Tiyang at Bituka” at “Sikmura at Atay”.

Ang pag-aaral ni Covar hinggil sa pagkataong Pilipino ay tumutukoy sa likas na pagkatao at sa pagkataong may sapi. Nagbabago ang pagkatao ng indibiduwal kung nilalangkapan, sinasapian o sinasaniban ang mga ito. Sa paggamit ng teorya ni Covar sa pananaliksik na ito, naging pundasyon sa mga dahilanin kung bakit ang isang Pilipino ay kadalasang nababago ang katangian. Ganun din sa kaniyang kultura at wika, kung nilalangkapan, kung sinasapian o kung sinasaniban ng ibang kultura at wika. Ang mga Pilipinong nahihilig sa kultura at wikang Koreano ay nalangkapan, nasapian at nasaniban na ng banyaga. Kung kaya, ang natural na pagkataong Pilipino ng mga ito ay naihahalo sa banyaga.

Ipinakilala ni Enriquez (1975), ang Sikolohiyang Pilipino bilang isang lokal at likas na sikolohiya ng Pilipinas. Ang Sikolohiya sa Pilipinas ay tumutukoy sa iba’t ibang uri ng sikolohiyang namamahay sa bansa. Kasama na ang mga pag-aaral sikolohikal ng mga dayuhan. Ngunit hindi ito maituturing na Sikolohiyang Pilipino. Bago pa man dumating ang mga mananakop ng Pilipinas ay may sarili na itong sikolohiya. Ito ay likas at talagang nagmula sa mga lokal na mamamayan ng bansa. Sa pag-usbong ng wika at kultura, yumayabong at nadaragdagan, kinikilala at tinatanggap gayundin ang paggamit ng mga ito sa sariling wika at kultura. Ang sikolohiyang Pilipino ang patunay na ang wika, kultura at papanaw na mayroon ang Pilipinas ay hindi hango sa mga dayuhan. Sa paggamit ng mga Pilipino ng mga salitang Koreano (partikular ang mga tagatangkilik ng KPop), ang pananaw, kultura at wikang Filipino ay nahahaluan ng banyagang wika, kultura at papanaw ng Korea.

2.1 Paglalahad ng Suliranin

Ang pananaliksik na PAGESUSURI SA LEKSIKON NG WIKANG KOREANO SA KONTEKSTONG FILIPINO BATAY SA MAKAFILIPINONG INDIHENIASYON NG SALITA ay tutugon sa sumusunod na mga suliranin:

- Ano-anong mga salitang Koreano ang kadalasang ginagamit ng mga tagatangkilik o tagahanga ng K-Pop na binigyang pagpapakahulugan sa konteksto ng kulturang Pilipino?
- Ano ang dahilan ng pagbibigay ng ibang kahulugan at pag-aangkop ng mga tagatangkilik ng K-Pop sa mga salitang Koreano sa konteksto ng kulturang Pilipino? a. Anong mga salik sa kultura ng mga Pilipino ang nakaaapekto sa pagbibigay ng kahulugan sa mga salitang Koreano? b. Ano ang gampanin ng kulturang Pilipino sa pagbibigay ng bagong kahulugan sa mga salitang Koreano?
- Ano ang maaaring maging implikasyon sa wikang Filipino ng paggamit ng mga salitang Koreano sa konteksto ng kulturang Pilipino?
- Ano ang mga wikang koreano ang nalikom batay sa Maka-Filipinong Indiheniasyon?

3. Metodolohiya

Paaran ng Paglalatag ng Datos/ Paaran ng Pagsusuri ng Datos - Sinuri ang nakalap na datos gamit ang *Discourse Analysis* na ginamit sa nabuong awtput ng pananaliksik. Layunin ng mananaliksik na dalumin ang mga salitang Koreano na ginagamit nang madalas sa pakikipagkomunikasyon sa konteksto ng kulturang Pilipino. Naglalatag ang mananaliksik ng talahanayan ng mga salitang koreano na nakabatay sa kategorya ng mga salitang ginagamit. Ang mga kategorya ay bahagi ng katawan, ekspresyon/sambitla, gamit, kasarian, kataga, kilos, kolokyal, pagkain, panawag, panlalarawan, pelikula/media at pormulasyong panlipunan. Pinagbatayan ng mananaliksik ang mga salitang ibinigay ng mga impormante upang mahati sa iba’t ibang kategorya ang mga salitang Koreano na ginagamit sa pakikipag-usap. Nagbigay ng analisis ang mananaliksik sa kulturang Pilipino sa pagkakagamit ng mga salitang Koreano. Inilapat ang analisis batay sa mga teoryang ginamit.

Paraan ng Pangangalap ng Datos - Pakikipanayam sa Susing Impormante ang ginamit ng mananaliksik upang makakuha ng mga impormasyon at mga datos na ginamit sa pag-aaral. Gamit ang panayam, nalaman ng mananaliksik ang mga personal na kadahilanan ng mga impormante sa paggamit at paghalo nila ng mga banyagang wika sa pakikipagkomunikasyon at makapagbibigay ng iba't ibang kahulugan ng mga salitang Koreano sa pakikipag-usap.

Pinagmulan ng Datos - Gumamit ang mananaliksik ng purposive sampling technique na isang uri ng non-probability sampling na pinakapektibo sa pag-aaral ng isang partikular na domeyn sa isang kultura (Tongco, 2007). Ang sumusunod ay mga krayteriya na ginamit ng mananaliksik sa purposive sampling technique. Ang magiging impormante ay; 1.) mayroong kaligiran ng kultura ng Korea, 2.) nahihilig sa mga napapanood na nobela sa Korea at sa musika ng KPop, 3.) nagagamit sa pakikipag-usap sa wikang Filipino ang ilang salitang Koreano at, 4.) Alam ang kahulugan ng ilang mga salitang Koreano.

Instrumentasyon - 'Kuwentong buhay' o pakikipagkuwentuhan, pagsasaling kumbersasyonal ng mga salitang Koreano at pagkukumpara ng kahulugan ng mga salitang ginamit ayon sa wikang Filipino at wikang Koreano. Gamit ang pakikipagkuwentuhan, napatunayan ng mananaliksik na pasok sa krayteriya ang mga kinapanayam bilang mga susing impormante.

4. Resulta at Pagtalakay

Mga salitang Koreano na kadalasang ginagamit ng mga tagatangkilik o tagahanga ng K-Pop na binibigyang pagpapakahulugan sa konteksto ng kulturang Pilipino

Hinati ng mananaliksik sa iba't ibang kategorya ang mga salitang Koreano ayon sa sumusunod: bahagi ng katawan, ekspresyon/sambitla, gamit, kasarian, kataga, kilos, kolokyal/agrot, pagkain, panawag, panlalarawan, pelikula/media at pormulasyong panlipunan. Ang mga kategoryang ito ay batay sa mga kontekstong pagpapakahulugan ng bawat salita na ginamit sa loob ng pangungusap. Napili at nakuha ng mananaliksik ang mga kategorya batay sa kadalasang gamit ng mga salitang Koreano sa pangungusap sa konteksto ng kulturang Pilipino.

Talahanayan 1

Kategorya, ng salitang koreano sa korea, at ang pagpapakahulugan at pagkakagamit nito sa kulturang Pilipino

SALITANG KOREANO	KATEGORYA	KAHULUGAN SA KOREA	PAGPAPAKAHULUGAN AT PAGKAKAGAMIT NITO SA KULTURANG PILIPINO NG MGA TAGATANGKILIK NG K-POP
Ulzzang	Panlarawan	Best Face UI -mukha Jang- best	Pagtukoy sa mga <i>fan</i> na gumagaya ng hitsura, porma at pananamit ng mga Koreano. Makapal ang make up or laging nag mamake-up na mga <i>fan</i>
Oppa	Panawag/Kasarian Pomulasyong Panlipunan	Pagtawag ng mga babae sa mga kuya o boyfriend o nakakatandang lalake.	Tawag ng mga <i>fan</i> sa gwapong lalake lalo sa mga kasali sa <i>K-Pop community</i> .
Noona	Panawag/Kasarian Pomulasyong Panlipunan	Pagtawag ng mga lalake sa mga nakakatandang babae.	Nanay-nanayan sa mga <i>K-Pop community</i> . May kinalaman sa edad.
Meokja	Pagkain	Kain tayo	Paanyayang kumain.
Mukbang	Pelikula/Media	Muk – kumain bang – pinaikling salita na ang ibig sabihin ay i-broadcast.	1. Youtube lamang ang konteksto ngunit pwede sa tv. 2. Uri ng biro na ang ibig sabihin ay patay-gutom. 3. Dahilan ng simula ng pagkatakam sa mukbang. 4. Dapat maraming-maraming pagkain. Kadalasang exotic food sa ibang kpop fan.

Leksikon ng wikang Koreano sa kontekstong Filipino batay sa maka-Filipinong indiheniasyon ng salita

Annyeong-haseyo	Pormulasyong Panlipunan	Pagbati	1. <i>Cat calling</i> kung ituring. <i>Low key</i> o mababang anyo nang pang-aasar sa mga fans. 2. Pamalit sa “Anong sayo?”
Kamsamni-da	Pormulasyong Panlipunan	Salamat	Uri ng pasasalamat na ginagamit lang ng K-Pop fan sa kapuwa niya K-Pop fan din. Mayroong adapasyon din ng kilos na pagyuko kung nagpapasalamat.
OTP	Pelikula/Media Kolokyal/Argot	One True Pairing sa mga artista na magka- <i>love team</i> sa Korea.	One True Pair. Pagpapares sa mga idol. Ngunit sa kontekstong Pilipino, pagpapares ito ng mga may parehong kasarian lamang. (lalake-lalake, babae-babae)
Skinship	Pelikula/Media Kolokyal/Argot	Eksena sa mga palabas na nagiging madikit pisikal (balat-balat).	<i>Physical Interaction</i> na dapat ay parehong kasarian lamang sa kontekstong Pilipino. <i>Fan service</i> . Mayroong kaugnayan sa <i>byuntae</i> (pagiging malibog). Dahil sa pagbibigay ng malisya kaya nagiging senswal.
Namja	Kasarian	Lalake	May kinalaman sa kasariang panlalake. Pagtukoy sa ‘papabols’ o yung mga lalaking inaawrahan o hinaharot.
Bias	Kolokyal	Pagkiling	Pinakagusto sa lahat ng mga <i>idols</i> sa loob ng isang grupo.
Wae	Kataga	Bakit?	Ekspresyon ng hindi naniniwala. Kaugnay sa “weh? ‘Di nga?” ng mga Pilipino.
Nugu	Kataga	Sino	“ <i>Blind item</i> ” o “ <i>the who?</i> ” kung tawagin sa kulturang Pilipino. Sa konteksto ng pakikipagtsismisan.
Yeppeu	Panlarawan	Maganda (paglalarawan lamang sa tao)	Ginagamit bilang paglalarawan sa mga sikat na artista o mga kilalang <i>fan</i> sa loob ng <i>K-Pop community</i> .
Bang	Kataga	Kuwarto	Silid-libangan (Karaoke Room)
Bap	Pagkain	Kanin	Kanin sa loob ng bowl.
Nunmuri	Bahagi ng Katawan	Luha	Muta
Gasum	Bahagi ng Katawan	Puso (Bahagi ng katawan)	“Broken-hearted” o na- <i>busted</i> .
Appaseo	Kataga	Masakit	Buong katawan ang masakit.
Yeoja	Kasarian	Babae	Pinalit sa dating kasintahan. (Kalaguyo, kabit)
Ssasaeng	Panlarawan	Obsessed (Pagkahumaling sa isang idol)	Stalkers sa mga K-Pop idol. Kapag may pumupuntang idol sa Pilipinas, literal (pisikal) na ini-stalk ng mga ssasaeng.
Sunbae	Panawag	Senior/nauna sa trabaho	Magaling o mahusay sa isang bagay.
Ahjussi	Panawag/ Kasarian/ Pormulasyong Panlipunan	Mister	Ginagamit kapag ang tao ay may gusto sa matatandang lalake o <i>sugar daddy</i> .
Ahjuma	Panawag/ Kasarian/ Pormulasyong Panlipunan	Babaeng may edad na 40 pataas.	Pang-asar sa mga babaeng losyang.
Soju	Pagkain/inumin	Uri ng alak sa Korea	Pagyayayang makipag-inuman.
No michoseo	Ekspresyon/ Sambitla	Baliw ka ba?	Ilusyunada
Chaebol	Panlarawan	Pamilya na may sariling kompanya.	Tawag sa mga mayayamang <i>fan</i> ng K-Pop sa loob ng K-Pop Community.
Daepyonim	Panlarawan	CEO o miyembro ng <i>board of directors</i> ng kompanya.	Kapag nagsusuot ng kagalang-galang na damit o pormal na kasuotan ang isang <i>fan</i> ng K-Pop.
Mashita	Ekspresyon/ Panlarawan	Masarap	Masarap ngunit nilalapat sa kontekstong senswal.
Samgyupsal	Pagkain	Grilled pork belly	Pagtukoy sa lugar ng mga <i>Korean Restaurants</i> . Kainan ng mga unlimited Korean food gaya ng iba’t ibang karne na iniihaw, gulay at iba pa.
Joah	Kataga/ Ekspresyon	Pagtapat ng nararamdaman	Nangangahulugang “jowa” o nobyo.

Ang adaptsyong ginagawa ng mga *fan* ng K-Pop sa mga wika o salitang ginagamit ay nakadepende kung paano nila ito ginagamit sa konteksto ng usapan. Ang tagpuan ng usapan ay sa loob ng Pilipinas kung kaya ang konteksto ay naiaangkop sa kontekstong ng kulturang Pilipino.

Sa pagsipat ng mga datos na nakuha, kung ilalapat sa Pantayong Pananaw ni Salazar (1991), ipinapakita na ang mga tagatangkilik ng K-pop ay maituturing ang mga sarili bilang Pantayo – ‘Tayo’ kung ang mga kausap ay kabilang sa mismong kultura ng mga nahihilig sa Kpop. Mas madaling magkaunawaan ang mga kabilang sa kultura o ang mga kasali sa Pantayo. Ang Pangkami – ‘Kami’ ay naiiangkop naman kung ang taong kausap ay hindi kabilang sa kultura ng mga nahihilig sa Kpop. Hindi gumagamit ng mga salitang Koreano ang mga tagatangkilik ng K-pop kung hindi kasali o kabilang sa kultura ang kausap sapagkat hindi sila magkakaunawaan sa pakikipagkomunikasyon. Pansila – ‘Sila’ naman ay ang pagtukoy ng mga taong hindi kabilang o kasali sa kultura ng mga nahihilig sa Kpop.

Sa paggamit ng teorya ni Covar sa pananaliksik na ito, naging pundasyon sa mga dahilanin kung bakit ang isang Pilipino ay kadalasang nababago ang katangian. Ganun din sa kaniyang kultura at wika, kung nilalangkapan, kung sinaspian o kung sinasaniban ng ibang kultura at wika. Ang mga Pilipinong nahihilig sa kultura at wikang Koreano ay nalangkapan, nasapian at nasaniban na ng banyaga. Kung kaya, ang natural na pagkataong Pilipino ng mga ito ay naihahalo sa banyaga.

Sa paglalapat naman ng teorya ni Enriquez (1975) na Mga Batayang Sikolohiyang Pilipino sa Kultura at Kasaysayan, sa paggamit ng mga Pilipino (partikular ang mga tagatangkilik ng KPop) ng mga salitang Koreano, ang pananaw, kultura at wikang Filipino ay nahahaluan ng banyagang wika, kultura at papanaw ng Korea. Dahil dito nakabubuo ng karagdagang bagong sikolohiya sa Pilipinas ang pag-aangkop ng mga salitang Koreano sa konteksto ng kulturang Pilipino.

Mga salik sa kultura ng mga Pilipino ang nakaaapekto sa pagbibigay ng kahulugan sa mga salitang Koreano

Impormante 1: “Ano uhm, I think, nangyayari iyon para, ‘yan ‘yung part na parang depende sa kausap mo para mas maintindihan pa nila lalo. Kasi ‘yun na ‘yung tumatak na meaning. ‘Yun na ‘yung kumakalat ding meaning sa ibang tao. Para hindi na humahaba ‘yung usapan. Malaki rin ang impact ng media. Halimbawa, ‘yung *oppa*, nag-start naman ‘yan doon sa media na hindi mga fan na sila rin ang nagbigay ng ibang kahulugan sa *oppa*. At ‘yung mga tao, sa palagay nila, since iyon na ‘yung madalas na nagagamit sa konteksto, akala nila ‘yun na talaga ang kahulugan. So, trivial na lang kung alam mo talaga yung mismong kahulugan noon.”

Impormante 2: “Siguro ‘yong kapag nakanonood kasi ako may sub-title. Tapos parang nag-sesearch din kasi ako sa mga tootoong meaning nung words doon sa sub-title minsan hindi siya nag-mamatch. So kapag sinalin ko ‘to sa Filipino, naiiba ‘yung meaning. So kapag trinatranslate ko ito nagagamit ko ito sa kung anong angkop na kahulugan nito sa atin.” “Yung iba nag-iimbento sila ng mga word. Tulad ng mukbang. Na-rerealize ko na ang paggamit din pala ng mga salitang Koreano ay pwede mo itong gamitin into Filipino way.”

Impormante 3: “May mga salita kasi sa Korean na nagiging uso. Kaya nadala na lang din at nakikiuso. Nagiging normal na ang pasasalita ng Korean sa mga kaibigan ko kahit yung mga hindi fan ng KPop.” “Malaking factor din sa akin ‘yong mga artista dahil sa mga sikat nilang linya sa pelikula nagagaya na ang mga salitang Koreano.”

Impormante 4: “Nagiging salik ang mga tunog. ‘Yung iba rito ay katunog din ng ibang salita sa wikang Filipino. Halimbawa, “*annyeonghaseyo*” mayroon tayong pangungusap sa Filipino na “Ano ang sa’yo?” na katunog. Nagiging salik ang tunog kaya nagagamit ang mga Koreanong salita sa Filipino.” “Kultura din ng Pinoy na gumamit ng mga salitang bago sa pandinig. Kaya kapag narinig nila sa simula at lagi na nilang naririnig, ginagaya na nila. At ina-adapt na. Kasi hindi naman mahirap ipaliwanag e. Kaya nagiging madali sa mga Pilipino na i-adapt ‘yung bago para sa kanila.”

Impormante 5: “Siguro kaya medyo naiiba ‘yung kahulugan ng salitang Koreano pagdating sa atin kasi parang madalas kasing ganoon ang mga Pilipino. Kasi kung ano ‘yung kanilang narinig at kung paano gamitin ang salitang iyon sa pangungusap, ‘yun na agad ‘yung kahulugan sa atin. At parang naliliko ang mga ito kasi hindi natin nakuha nang buo ‘yung literal na kahulugan noon. Kung baga kung ano lang ‘yung inisyal na narining natin ‘yun na lang ang kahulugan. Kaya rin naiiba dahil tayong mga Pilipino mahilig tayong magpalawig pa ng mga salita.”

Ang sumusunod ay mga salik na binanggit ng mga impormante: nakadepende sa kausap, panood, pag-iimbento ng salita na may sariling kahulugan, mga salitang nagiging uso, mga K-Idol, magkapareho ng tunog, paggamit ng mga salitang bago sa pandinig at pagpapalawig ng mga salita. Dahil ang wika ay patuloy na nagbabago at nadaragdagan, patuloy lamang na marami pang matutuhang bagong bokabularyo. Kung ang taong kausap ay gumagamit din ng mga ganoong salita, parehong magkakaunawaan. Ang mga tagatangkilik din ng K-Pop na gumagamit ng mga Koreanong mga salita ay nakadepende rina ng paggamit sa taong kausap. Nakapaloob lamang sa kapwa tagatangkilik ng K-Pop. Samakatuwid, ang mga salitang Koreano ay ginagamitin lamang kung ang kausap ay mahilig din sa K-Pop.

Sumunod na salik ay ang panood. Ang mga nanonood ng mga K-drama ay nagiging *instant* na tagapagsalin ng wika. Kadalasan ang pinapanood ay purong wikang Koreano ang ginagamit na mayroon lamang Ingles bilang *subtitle*. Gumagana ang mga makrong kasanayan ng mga manood. Hindi lang panood at pakikinig, ganun din sa pagbabasa ng Ingles. Matapos basahin, ang kognitibong pag-iisip ng mga manonood ay dali-daling isasalin sa Filipino ang mga pahayag mula sa binasang *subtile*. At mula rito, nalalaman ng mga manood ang mga Kahulugan ng mga salitang Koreano.

Malaki ang ugnayaan ng ilang salita sa Korea sa wikang Filipino. Dahil sa pag-aangkop ng ibang salita, nakabubuo ng iba o bagong katawagan sa kontekstong Filipino. Kalaunan, nakatutulong ito sa pagpapayabong ng wikang Filipino.

Ang gampanin ng kulturang Pilipino sa pagbibigay ng bagong kahulugan sa mga salitang Koreano

Impormante 1: “Ang kultura kasi natin is nasanay kasi tayo sa mga dayuhan. We are more adaptive doon sa mga iba-ibang factors. Maging wika man iyan o mga gawi. Dahil ang kultura natin ay diverse.” “Aside sa paggiging diverse, sa kultura kasi natin mabilis kumalat ‘yung balita. Specially ‘yung ibang tao hindi tumitingin sa facts. So ibang tao kahit na hindi pa nila alam ang kahulugan ng salitang ‘yon, since ‘yung una nilang narinig na context, ‘yun na ‘yung ginagamit at na-aadapt nila. Eventually, kahit ‘yung mga fan, kahit alam nila ‘yung meaning, na-aadapt na lang din nila ‘yung ibang pagpapakahulugan.”

Impormante 2: “I think, mas nagiging-*rich* ‘yung kultura natin. Nagbabago ito kaya naapektuhan ito ng ibang kultura ng ibang bansa na nakatutulong din para magkaroon ng mas magandang komunikasyon sa iba dahil na-eexpose tayo sa ibang kultura pa. Kahit sa komunikasyon natin, na-eexpose rin tayo sa ibang mga salita pero nagkakaunawaan pa rin gamit yung mga banyagang salita.” “Hindi nagiging balakid ang Korean culture dahil mas nakaka-enrich pa nga ito. Kasi tayo na-educate tayo sa ibang culture at the same time nagiging open tayo sa ibang mga culture at ibang words na naririnig natin at nakakaimpluwensya sa atin.”

Impormante 3: “Yung mga Pilipino, ‘yung kultura natin, hindi tayo tumitigil sa kung anong mayroon lang tayo. Mahilig tayong magtangkilik ng iba pang kultura. Kapag nagustuhan natin, i-acquire na natin. At the same time ‘yung humor ng mga Pilipino nalalagyan natin ng biro ang isang bagay. Nahahalo rin ‘yung ganung bagay na kahit hindi ‘yun ang meaning, ‘yun na ‘yung sumikat na kahulugan nito. Isa sa mga kultura ng mga Pilipino ay ang adapasyon. Madaling makapag-adap ang mga Pilipino.”

Impormante 4: “Ang wikang Filipino kasi ay patuloy pa ring nagbabago. Hindi lang Korean words. Marami pa tayong mga salita na nadaragdagan sa wikang Filipino at ang gampanin nito lalong tumataba – lalong lumalago ang wikang Filipino dahil sa mga karatig bansa natin na gumagamit ng ibang lengguwahe na kapag nailipat sa

Pilipinas ay naiintindihan pa rin at na nagagamit pa rin ng mga Pilipino. Nakatutulong din ‘yung ibang wika sa pagpapalago, pagpapalawig at pagpapaganda ng wikang Filipino lalo na’t ito ay arbitraryo at nagbabago sa mga nagdaang panahon.”

Impormante 5: “Nakasanay na ng mga Pilipino na mag-adapt ng ibang kultura. Sanay na rin tayong matuto ng ibang kultura. At kung ma-adapt natin ang kulturang ‘yon, maaaring pagyamanin pa o magkaroon ng sariling bersyon ng mga bagay na na-aadapt natin. Sa palagay ko dahil doon sa pag-aadapt natin mas yumayaman ang kultura natin. At upang mapalawig pa ang wika at kulturang Pilipino.

Ang ilan sa sumusunod ay mga gampanin na ibinigay ng mga impormante: kulturang Pilipino na madaling umangkop ng ibang kultura at wika, *diverse* na kultura, pagbabago ng kultura at wika/pagdaragdag sa kultura at wika, napapabago, napalalawig at napapaganda ang wikang Filipino, nakatutulong sa pakikipagkomunikasyon at nadaragdagan ang bokabularyo.

Isa rin sa gampanin ng kultura ay ang pagbabago nito sa bawat panahon. Kung nagkakaroon ng adapasyon sa ibang kultura, patuloy na may uusbong na bago. At kung may umusbong na bago sa kultura, nakaaapekto ito sa pagbabago rin ng wika. Kung hindi man lubos na magbago, ito ay madaragdagan. Ngunit ang ganitong uri ng pagbabago ay normal lamang. Ang pagdaragdag ng ibang kultura ay hindi nagiging balakid sa pagkalimot ng kulturang mayroon na. Hindi nakukumpirmiso ang sariling kultura kung magdaragdag ng ibang kultura. Malaki ang naitutulong nito sa paglago ng wikang Filipino partikular sa pakikipagkomunikasyon. May mga salitang banyaga na makaaambag sa mga bagong bokabularyo ng wikang Filipino.

Implikasyon sa wika Filipino ng paggamit ng mga salitang Koreano sa konteksto ng kulturang Pilipino

Impormante 1: “I think mayroon. Both positive and negative. Pagdating doon sa negative impact, para kasing ang dating niyan sa mga nakakaalam ng totoong meaning noon paraang ang cringy nila. ‘Yung iba nagiging mukhang mangmang dahil sa paggamit nila ng ibang kahulugan. Let’s say ‘yung mga hindi fan. Kapag ginamit mo ‘yang mga salitang iyon sa ibang konteksto ang dating sa mga fan ay nakikiuso ka lang o parang nagpapakalat ka ng fake news. ‘Yun yung parang negative part. Sa positive naman, I think, nangangahulugan lamang na tumatanggap tayo sa ibang kultura. Kahit na nahihirapan tayong bigkasin yung ibang mga salita.”

Impormante 2: “I think marami pa tayong ma-proproduce na different word. Hindi ko alam kung anong sektor na nag-survey sila kung ano ‘yung most used words. So I think parang nakatutulong iyon para hindi maging stagnant ‘yung wika natin. Makatutulong ito sa pagpaparami ng bokabularyo natin.”

Impormante 3: “Oo mayroon itong implikasyon. Para sa akin wala naman masyadong pagkakaiba. Kasi, unang-una, ilang beses na nasakop ang Pilipinas. Tapos lahat ng mga wika ng mga sumakop sa atin, na-adap na ng mga Pilipino. Hanggang ngayon ang ilan sa mga salita natin ay galing sa kanila. Gaya sa Korea, kahit anong panggagaya natin wala akong nakikitang mali. Hangga’t wala tayong nababastos na ibang tao. Mayroong bentahe at disbentahe ang paggamit ng wikang ito. Sa pagpapaunlad, maaari mo siyang tignan sa postibong pananaw na mas nadaragdagan ‘yung lingguwahe natin. Ang disbentahe naman, ‘wag lang kalilimutan ang sariling wika na parang mas alam mo pa ‘yung ibang wika.”

Impormante 4: “Ang wikang Filipino kasi simula noong panahon ng mga Español ay naimpluwensyahan nang naimpluwensyahan dahil sa pananakop nila. Kapag nagtagal nang nagtagal, kapag naimpluwensyahan ang kulturang Pilipino ng iba pang dayuhang kultura ng iba pang wika, maaaring magamit hindi lang ng mga salitang Koreano, ganoon din ng iba pang mga wika, ang mga salitang ito upang mapaunlad, mapalawig pa ang wikang Filipino. Dahil ang wikang Filipino hanggang ngayon ay hindi pa rin ganap na ganap na kumpleto. Marami pa tayong mga salitang walang salin. At ‘yung mga karatig bansa na ito kapag patuloy tayong maimpluwensyahan maaari tayong kumuha at maaari itong makatulong sa pagkakaroon ng salin na aangkop sa wikang Filipino na makatutulong at magagamit ng nakararami (na naiintindihan) sa pakikipag-usap. Lalong magiging diverse ang wika.”

Impormante 5: “Pwedeng magamit sa pang-araw-araw. Halos laging nag-eevolve ang wika sa Pilipinas. Tulad ng beki language. Halos araw-araw may bagong salita. Ang epekto nito ay ‘yung ibang salitang Koreano ay mahahalo na rin sa iba’t ibang salita sa Pilipinas.”

Sa patuloy na bukas na isipan ng mga Filipino sa paggamit at pag-aangkop (ganoon din ang pag-imbento) ng ibang mga salita, patuloy lamang na uunlad ang wikang Filipino. Maaaring mapunan ang mga salitang wala pang salin sa Filipino o angkupon ang mga salitang hiram upang mas mapayaman pa ang wikang Filipino.

Kung patuloy ang panghihiram ng mga salita, lalong dadami ang mga salitang hindi lamang iisa ang katumbas na may parehong kahulugan. Ngunit hindi nangangahulugang ang gawaing ito ay pagkalimot sa ibang mga umiiral na mga katubas na salita. Bagus upang magkaunawaan ang mga nag-uusap sa loob ng pangkat. Dahil ang pinakadahilan naman ng paggamit ng wika ay upang maunawaan ang mensaheng nais iparating sa loob ng komunikasyon.

5. Kongklusyon at Rekomendasyon

Ang mga nakalap na mga salitang Koreano na ginagamit ng mga tagatangkilik ng Kpop sa pakikipag-usap ay nakatutulong sa pagpapaunlad pa ng wika. Kung pagkukumparahin lang naman ang mga wika sa buong mundo halos kapansin-pansin na mayroong pinag-ugatan o pinangmulang wika. Naiiba lang ang salita o ang bigkas kumporme sa bawat pangkat ng tao na may iba’t ibang kultura na nakahubog sa pagbuo ng sarili nilang wika. Sa patuloy na panghihiram at pag-aangkop ng mga iba’t ibang kultura mas yumayabong ang kaalamang bayang mayroon ang isang kultura. Sa nangyayaring adapsyon, ang banyagang mga salita ay nagiging lokal na wika ng isang pangkat. Nagkakaroon ng indihenisasyon ng mga salita na bumubo sa panibago at sariling kalamang bayang dalumat at sikolohiyang Pilipino.

Malaki ang ginagampanang tungkulin ng kulturang Pilipino sa paghubog nito sa mga wika sa Pilipinas. Dahil sa pagkakaugnay ng kultura sa wika, nababago nito ang pagpapakahulugan ng mga salita batay sa paraan nang paggamit nito na iniaangkop sa loob ng kulturang kinabibilangan. Kung hindi naman nababago, iniaangkop ang mga salita sa sariling kultura kaya naman nagiging bahagi na rin ito ng lokal na kultura. Ang paggamit ng mga salitang ito ay iniaangkop at binatay sa kulturang mayroon ang mga nagsasalita.

Ang mga salitang Koreano na ginagamit ng mga Filipinong tagatangkilik ng Kpop, dahil hindi sila lokal na Koreano at mayroong sariling kultura, ang mga salitang ginagamit ay nababago ang pagpapakahulugan batay sa paraang nang pagkakagamit nito na iniaangkop nila sa loob ng kulturang kinabibilangan.

5.1 Rekomendasyon

Ang mga salitang Koreano na ginamit sa pagbuo ng leksikon tungo sa maka-Filipinong indihenisasyon ay dapat pang mapalawig nang sa ganoon ay mas lalo pang umulad ang bokabularyong Filipino kung nagagamit na ito bilang mga salitang kinukontektuwalisa sa kulturang Pilipino. Hindi lamang sa wikang Koreano ganoon din sa iba pang mga wika mula sa mga kawikaan sa Pilipinas hanggang sa wika sa ibang bansa at/o kultura.

Dapat pang paunlarin ang gawaing pagleleksikon sa bansa sapagkat ito ang itinuturing na isang gawaing pangwika na nakaliligtaan. Kung patuloy ang pagbuo ng mga leksikon ng ibang mga wika tungo sa maka-Filipinong indigensisasyon, mas lalong lalawak at yayabong ang wikang Filipino ganoon din ang kulturang Pilipino.

Patuloy na lumalago ang wika dulot na rin ng pagbabago sa loob ng kultura. Hindi ito nangangahulugan na mali at dapat hadlangan ang nagaganap na pagbabago. Ang paggamit ng mga salitang Koreano sa mga pangungusap sa loob ng kontekstong Filipino ay nakatutulong sa pagpapaunlad ng wika. Kahit na mayroong ibang salita ang nakapapasok sa wikang Filipino hindi pa rin nakukumpirmiso ang wika.

Huwag ikulong ang isipan sa kahon ng konotasyon na nagsasabi na dapat ay sariling wika lamang ang

ginagamit. Ang gampanin ng kultura sa kaniyang lipunan ay baguhin at hubigan ang mga ito sa mas lalo pang ikauunlad ng pamayan at ng wikang Filipino. Hindi mapipigilan ang pagbabagong nagaganap sa wika dahil ito ay dinamiko.

6. Mga Sanggunian

- Agbayani, J. C., et al. (2015). Epektong Dulot ng K-pop sa Personalidad ng mga Piling Mag-aaral ng Politeknikong Unibersidad ng Pilipinas. *Bisig*, 2(1).
- Allen, H. B. (1971). Principles of Informant Selection. *American Speech*, 46(1/2), 47–51. <https://doi.org/10.2307/3087986>
- Ampil, R. (2017). Representasyon ng mga asawa at kerida sa mga pelikulang may temang pangangaliwa.
- Arceo, M. A., et al. (2013). Paggamit ng code-switching sa pakikipagkomunikasyon ng mga piling mag-aaral sa Mary and Jesus School, Inc., Bustos, Bulacan. OiiPDF. Retrieved from <https://oiipdf.com/paggamit-ng-code-switching-sa-pakikipagkomunikasyon-ng-mga-piling-mag-aaral-sa-mary-and-jesus-school-inc-bustos-bulacan>
- Belonio, K. J. (2017). Saranghae, Korea! Bakit maraming Pilipino ang nahuhumaling sa musika ng K-POP, K-Dramas at kulturang hallyu. *Philippineone*. Retrieved from <https://philippineone.com/saranghae-korea-bakit-maraming-pilipino-ang-nahuhumaling-sa-musikang-k-pop-k-dramas-at-kulturang-hallyu/>
- Bisa, S. (1991). Wika at kultura: Pagsasalang Nagpapakahulugan. *Philippine E-Journal*, 9(1). Retrieved from <https://ejournals.ph/article.php?id=7757>
- Chanfrault-Duchet, M. (1991). Narrative structures, social models, and symbolic representation in the life story. Taylor and Francis eBooks. Retrieved from <https://www.taylorfrancis.com/books/9780203819371/chapters/10.4324%2F9780203819371-11>
- Covar, P. R. (2015). Kaalamang Bayang Dalumat ng Pagkataong Pilipino. *Daluyan: Journal ng Wikang Filipino*, 1. Retrieved from <https://journals.upd.edu.ph/index.php/djwf/article/view/4950>
- Enriquez, V. G. (2015). Mga Batayan ng Sikolohiyang Pilipino sa Kultura at Kasaysayan. *Daluyan: Journal ng Wikang Filipino*, 1. Retrieved from <https://journals.upd.edu.ph/index.php/djwf/article/view/4948>
- Esen, S. (2019). Code Switching: Definition, Types, and Examples. Owlcation. Retrieved from <https://owlcation.com/humanities/Code-Switching-Definition-Types-and-Examples-of-Code-Switching>
- Garcia, C. E. (2020). Erik Matti describes K-dramas as "faux cinderella stories with Belo-fied actors". Retrieved from <https://www.gmanetwork.com/entertainment/showbiznews/news/62112/erik-matti-describes-k-dramas-a-s-faux-cinderella-stories-with-belo-fied-actors/story>
- Giles, H., & Ogay, T. (2007). Communication Accommodation Theory. In B. B. Whaley & W. Samter (Eds.), *Explaining communication: Contemporary theories and exemplars* (pp. 293–310). Lawrence Erlbaum Associates Publishers. Retrieved from <https://psycnet.apa.org/record/2006-21534-016>
- Gray, M. (2010). 'Indigenization' and knowledge development: Extending the debate. *SAGE Journals*, 53(5). <https://doi.org/10.1177/0020872810372160>
- Green, D., & Wei, L. (2014). A control process model of code-switching. *Language, Cognition and Neuroscience*, 29(4). <https://doi.org/10.1080/23273798.2014.882515>
- Hoffer, B. (2005). Language borrowing and the indices of adaptivity and receptivity. *Intercultural Communication Studedies*, 14(5). Retrieved from <https://www-s3-live.kent.edu/s3fs-root/s3fs-public/file/05-Bates-L.-Hoffer.pdf>
- Kumar, K. (1989). Conducting Key Informant Interviews in Developing Countries. Retrieved from https://www.participatorymethods.org/sites/participatorymethods.org/files/conducting%20key%20informant%20interviews_kumar.pdf
- Lewis, J.L. & Sheppard, S.R.J. (2006). Culture and Communication: Can Landscape Visualization Improve Forest Management Consultation with Indigenous Communities? *Landscape and Urban Planning*, 77, 291-313. <https://doi.org/10.1016/j.landurbplan.2005.04.004>

- Lumbera, B. L. (2015). Ang Wikang Katutubo at ang Kamalayang Filipino. *Daluyan: Journal ng Wikang Filipino, 1*. Retrieved from <https://journals.upd.edu.ph/index.php/djwf/article/view/4951>
- Mangahis, J. (2010). Ang pagkatuto ng pangalawang wika at asimilasyon ng kultura. *Malay, 31*(6). Retrieved from <https://scholar.google.com.ph/citations?user=Lm2nHsMAAAAJ&hl=en>
- Medina, B. S. Jr. (1997). Imahen at himala: Pagsasalin ay pag-unawa sa salita. *Philippine E-Journal, 6*(1). Retrieved from <https://ejournals.ph/article.php?id=1916>
- Muysken, P., & Smith, N. (1994). The study of pidgin and creole languages. Semantic Scholar. Retrieved from <https://www.semanticscholar.org/paper/The-study-of-pidgin-and-creole-languages-Muysken-Smith/a3fd91001ec3ed749fc0738ddabc4aee357988c3>
- Nibalvos, I. M. (2017). Ang wika sa pampublikong espasyo: Isang pag-aaral sa tanawing pangwika ng Maynila. *Scientia, 6*(2). <https://doi.org/10.57106/scientia.v6i2.76>
- Osoba, S., & Sobola E. (2014). English Studies in Focus: Readings in Language and Literature. Academia. Retrieved from https://www.academia.edu/29590868/Introduction_to_Discourse_Analysis.pdf
- Perhapsateenagegirl. (2016). From our readers: 5 reasons why we love K-pop. Candy Mag. <https://www.candymag.com/candy-feels/from-our-readers-5reasons-why-we-love-k-pop-sr-ugc>
- Piscos, P. R. (N.D.). Etnograpiya. Academia. Retrieved from <https://www.academia.edu/28480024/Etnograpiya>
- Rico, I. (2011). Teoryang Pangwika. Retrieved from <https://www.scribd.com/doc/60711215/Ian>
- Salazar, Z. A. (2015). Ang Pantayong Pananaw Bilang Diskursong Pangkabihasan. *Daluyan: Journal ng Wikang Filipino, 1*. Retrieved from <https://journals.upd.edu.ph/index.php/djwf/article/view/4949/4458>
- Sayas, M. (1994). Chavacanong ternate: Paano ito nilikha? Donde di inda questi? *Malay, 12*(1). Retrieved from <https://ejournals.ph/article.php?id=7804>
- Tongco, M. D. (2007). Purposive Sampling as Tool for Informant Selection. Retrieved from <https://scholarspace.manoa.hawaii.edu/bitstream/handle/10125/227/11547-3465-05-147.pdf>
- World Population Review. (2018). Manila population. Retrieved from <https://worldpopulationreview.com/world-cities/manila-population/>
- Verreyt, N., et al. (2016). The influence of language switching experience on the bilingual executive control advantage. *Bilingualism-Language and Cognition, 19*(1), 181–190. <https://doi.org/10.1017/S1366728914000352>

